# Tulong sa Pagpapalibing sa Coronavirus (COVID-19)

Ang pandemya ng COVID-19 ay nagdulot ng matinding kalungkutan sa maraming pamilya. Sa FEMA, ang aming misyon ay ang tumulong sa mga tao bago pa man, habang at pagkatapos ng mga sakuna. Kami ay nakatuon sa pagtulong upang mapagaan ang ilang pagkabahala at pabigat na pinansyal dulot ng sakit sa virus.

Ang FEMA ay nagbibigay ng tulong pinansyal para sa mga gastos sa pagpapalibing kaugnay ng COVID-19 na natamo pagkatapos ng Enero 20, 2020.



**Upang maging karapat-dapat sa tulong sa pagpapalibing, kailangan mong matugunan ang mga kundisyong ito:**

- Ang pagkamatay ay kailangang nangyari sa Estados Unidos, kasama na ang mga teritoryo ng U.S., at and Distrito ng Columbia.
- Ang sertipiko ng pagkamatay ay kailangang magsaad na ang pagkamatay ay naiugnay sa o dulot ng COVID-19.
- Ang aplikante ay kailangang isang mamamayan ng U.S., hindi-mamamayang nasyonal o kuwalipikadong banyaga na nagkaroon ng mga gastos sa pagpapalibing pagkatapos ng Enero 20, 2020.
- Walang pangangailangan na ang namatay na tao ay naging isang mamamayan ng U.S., hindi-mamamayang nasyonal o kuwalipikadong banyaga.

## Aling mga gastos ang maaaring maging kuwalipikado sa pagbabayad?

Kasama sa mga halimbawa ng mga karapat-dapat na mga gastos para sa mga serbisyo sa punerarya at pagpapalibing o pagsusunog ng bangkay ay ang transportasyon para sa hanggang dalawang katao upang kilalanin ang namatay na tao, ang paglilipat ng labi ng namatay, isang kabaong o sisidlan ng abo ng bangkay, isang lugar ng libingan o nitso ng sinunog na bangkay, isang panandaan o batong pananda, ang pari o ang mangangasiwa sa serbisyo, ang pag-aayos ng seremonya ng libing, ang paggamit ng mga kagamitan ng punerarya o mga tauhan nito, mga halaga ng pagsusunog ng bangkay o ang pagpapalibing at mga halaga kaugnay ng pagkuha ng maraming mga sertipiko ng pagkamatay.

## Anong mga impormasyon ang kailangan kong ibigay sa FEMA?

Upang makapag-aplay para sa tulong, kakailanganin mo ang sumusunod na impormasyon:

- Ang iyong pangalan, numero ng social security, araw ng kapanganakan, tirahan na pinadadalhan ng sulat at mga numero ng telepono kung saan maaaring makipag-ugnay.
- Ang pangalan, numero ng social security at araw ng kapanganakan ng bawat namatay na tao.
- Ang lokasyon o tirahan kung saan pumanaw ang namatay na tao.
- Dokumentasyon at mga resibo para sa alinmang tulong na natanggap na mula sa ibang mapagkukunan, kasama na ang pagpapalibing o seguro sa pagpapalibing, mga donasyon, mga boluntaryong ahensya, ibang mga programa ng pamahalaan o mga organisasyong hindi-kumikita.
- Kung ikaw at ang isa pang tao ay parehong nagkaroon ng mga gastos sa pagpapalibing para sa parehong tao o mga tao, maaari mong gawing kasamang-aplikante ang taong yaon — isama ang kanilang pangalan, numero ng social security at araw ng kapanganakan sa aplikasyon.

## PAANO AKO MAKAKAPAG-APLAY PARA SA TULONG NA ITO?

**Tumawag sa Linya sa Tulong sa Pagpapalibing sa COVID-19 ng FEMA (FEMA's COVID-19 Funeral Assistance Helpline)** sa 1-844-684-6333 (TTY: 800-462-7585) mula 9 n.u. hanggang 9 n.g. ET, Lunes - Biyernes at simulan ang proseso ng aplikasyon.

**Pagkatapos ng iyong aplikasyon, maaari ka ng magsimula ng pagbibigay ng dokumentasyon sa online sa** Disasterassistance.gov**, sa pag-fax 855-261-3452.** Ang mga dokumento ay maaari ring ipadala sa koreo sa:by fax 855-261-3452.

COVID-19 Funeral Assistance
P.O. Box 10001
Hyattsville, MD 20782

**Maaari ka ring bumisita sa amin sa online sa** FEMA.gov/disasters/coronavirus/economic/funeral-assistance. Ang impormasyon ay ibinibigay sa maraming mga wika pareho sa telepono at sa website.

FEMA